

MULA SA KAPILING

Louie Jon A. Sánchez

TEMPUS PER ANNUM

Nagsasabit ng estola ang pari sa balikat, hinahagkan
Ang lungti na parang dayong dumaratal sa bagong
Lupang may hamog, ay sumasapit ang isang hiwaga—

Lumalapat ang lahat ng rubdob at rurok, pinapatag
Ng kung anong tumatahang katahimikan ngayon,
Ulit-ulit mang magsuntok ng dibdib, umamin sa sala.

Ganitong paglunggati sa lungti ang humahapon
Sa loob, habang humahakbang ang mga sakristan,
At ang madla'y humihimig ng bagong awit sa diyos.

Sapagkat naroon na raw siya sa nakapinid na tabernakulo
Na maya-maya'y bubuksan, luluhuran ng mga ministro,
Upang siya'y maiabot sa hugás na kamay ng tinawag

Na may dulot na bigkas upang magsalaman ang tinapay
At magsadugo ang alak. Minsan sa isang taon, lantad
Ng tabernakulong ito ang makinang na kahungkagan,

Wari’y mga dibdib nating walang lamáng kapanatagan
Habang gunita ang lumbay ng panginoong mag-isang
Tinatangisan ang palad na hindi na maipagpapaliban.

Lumipas na ngang muli ang lahat tungo sa karaniwang
Panahon at ebanghelyong muli ang kaniyang paglalakbay
Sa mga lupalop ng pangangaral. Nagaganap ang inog

At tumutugon ang mga alagad. Ngunit nananatiling ganap
Ang pagkapinid ng tabernakulo, walang handog na tugon.
May pagbásang magpapabaling sa kaniyang pag-akyat

Sa langit, at paggawad ng kapayapaan ay nagtitilang
Napanatili akong nagbabantay sa gabi ng sisidlang bukás,
Sa gabi sa Getsemani kung saan napatirapa ang diyos.

Doon pa rin ako nagtatanod, kahit nakakikita na ang bulag,
Gumagaling na ang maysakit, at bumabangon na ang patay.
Nais kong katukin ang tabernakulo sa gitna ng pag-awit

Sa pangakong ipagdiriwang ang pag-ibig ng panginoon.
Nais kong maaninag ang kaniyang mailap na mukha
Habang nadaramtan ang altar ng karaniwang lungtian

At nagyuyugto ang lahat sa payak na pagpapatuloy.
Nais kong itanong sa kaniya kung bakit karaniwang
Puspos ng ligalig at bagabag ang panahong karaniwan.

Setyembre 20, 2015

MEDIA NOCHE

Nakasara ang tarangkahan ng bahay.
Nagpapaputok, nagpapailaw ang daigdig
Habang sa malápit ay may naghahalinhinan
Sa pagbirit ng mga usong awit ng taon.

Marahil ay talagang nakahahapo ang taon
At ang paparating, talâ ng almanake,
Ay ang Kabayo, nagtutumuling sagitsit
Ng mga haharaping tila magpapahabol.

Sa may labas ng bintana, nagkakamót
Ang alagang aso na isinisiksik ang sarili
Sa sulok, tiyak, sa tákot sa kakatwang
Pasabog na taunan ma'y di makasanayan.

Itong Buddha sa mesa'y nangangaral,
Taimtim, nakapikit, wari'y minamalas
Sa málay ang paligid. Nagsasabi: hayaang
Madatnan ng paparating sa gitna ng bulay.

Kayhirap mang humarap sa hapag
Ng bagong taon ay kaydalisay kaytahimik
Na duláng nitong paglunggati sa pag-asa,
Matapong masaklot ng isang taóng alinlangan.

Disyembre 31, 2013

MGA BUGAMBILYA NG DISYEMBRE

Bátik kayó sa kimpal ng ulap, at nataunan
Lámang habang papasók na muli sa bahay.
Ubod-tingkad ng pulang wala sa panahon

Kahit binibihisan ang lahat nitong kulay-
Pagdiriwang; na bahid-dugo ring titigmak
Sa laman nitong bugtong na sumilang.

Kinukunan kayó ng larawan ngayon, sanga-
Sangang usbong ng sana'y huwag nang
Mangalaglag, ngunit kayrikit na ambon

Pagdating ng oras. Sa Hapón, inaabangan
Ng lahat ang pagbusilak ng mga sakura
Upang silayan ang marahang pagsalimbay

Ng talulot. At dinadalaw sila ng kabatiran
Hinggil sa sansaglit ng kagandahan. Ako
Kaya'y naghahangad din nito sa pagtingala't

Tangkang paghuli sa tagpuan ng siit at amihan?
Humuni lámang ang hanging dulot sa palad
Ay tagpas ng bubot, at sa noo, pinong hamog.

Disyembre 25, 2014

MAMASAPANO

Kahon-kahong kinumutan ng watawat
Ang inilipad ngayon mula sa iyong lupain—

May dilig ng dugo matapos ng malaong
Pagpapataba ng pulbura at mithiing

Mapatalilis ang pangangaligkig na kubli
Ng mga mais na maaari nang gapasin.

Silang ikinahon ang nagmistulang laglag
Na mga bunga, nangagkalat sa taniman,

Dinapurak ng mga nagsapesteng bala.
Walang babala, sumasagitsit sa pagpingas

Sa dahong dilawin, sa pagtarak sa laman.
Ibinababa ang mga labi sa kahon ay nalalabi

Sa isip ang hulagway ng pangangalirang
Ng buong maisan, ang kapatagang walang-

Habag na inilantad sila sa mga sumalakay,
At maya-maya'y ihahanay sila: isang dakilang

Pagtatanghal ng lubhang kataksilan, bagong
Hango't inilalakong matamis na kabayanihan.

Enero 29, 2015

TAG-ARAW

—*Para kay Louis Riley, pamangkin*

Hindi lalagi ang panahong kaytingkad ng lahat,
Kayliwanag tulad ng tag-araw sa inaawit kunwa,

Isang gunita ng natutunaw na sorbetes sa apa,
Isang gunita ng mamang may tulak ng karitong

Dala’y tamis, ginhawa. Musmos kang pinanonood
Sa unang pagsasayaw kasama ng kamag-aral

Ay tila pinanonood din ang sagitsit ng mga araw
Sa pagbibihis mong katipunero’t pagpapailalim

Sa tungkuling ipagdiwang ang buwan ng wika.
Malupit ang Agosto, mabagyo, ngunit papaling-

Paling pa ang iyong ulo sa *la la la*, sinasabayan
Ang iyong munting lipunan sa bagting ng kuliling,

Sa pagbuka ng bibig habang maugong ang lamyos
Ng tinig ni Celeste Legaspi. Kung maaari lámang

Sana, wika ko, habang kinukunan ka ng retrato.
Kung maaari lámang humimpil ang mga sandali

Tulad ng sa awit ninyong may eternal na tag-init,
At ika'y walang muwang sa pagsayaw, badya man

Ng kulimlim ang maghaponng ulan. Ngunit takda
Ang inog, at tulad ng pagtatanghal, nagwawakas

Ang lahat. Kaybilis. Sa sandali ng inyong paglabas,
Mahuhungkag ang tanghalan, magtitila puso kong

Nag-aasam ng libong tag-araw, musmos tulad mo,
Hiling ang paubaya ng darating pang panahon.

Agosto 31, 2014